# Buod ng Patakaran ng Medikal na Tulong Pinansyal

Ang programa na Medikal na Tulong Pinansyal (Medical Financial Assistance, MFA) ng Kaiser Permanente ay nagbibigay ng tulong pinansyal para sa mga kwalipikadong pasyente na kailangan ng tulong sa pagbabayad para sa emerhensiya o medikal na kailangan pangangalagang natatanggap nila sa pasilidad ng Kaiser Permanente o sa provider ng Kaiser Permanente. Maaaring mag-apply ang mga pasyente para sa programang MFA sa maraming paraan kabilang ang online, nang personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsumite ng papel na application. Ang mga pasyente ay dapat matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat na nasa ibaba upang maging kwalipikado.

**Sino ang karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal at ano ang mga kinakailangan?**
Tinutulungan ng programa ang mga pasyenteng maliit ang kita, walang insurance, o hindi napaglilingkuran na nangangailangan ng tulong sa pagbabayad para sa lahat o bahagi ng kanilang pangangalagang medikal. Sa pangkalahatan, ang mga pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal kapag ang kanilang Kabuuang Kita ng Sambahayan ay nasa o mas mababa kaysa sa 300% ng Pederal na Mga Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG) o may di-pangkaraniwang mataas na mga medikal na gastos. Ang mga pasyente ay dapat makipag-usap sa isang kawani sa alinmang opisinang pangnegosyo o check-in desk ng pasilidad ng Kaiser Permanente upang malaman ang pagiging karapat-dapat at para sa tulong sa pag-apply.

*Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa medikal na tulong pinansyal ay hindi sinisingil ng mahigit sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) para sa emerhensiya o ibang medikal na kailangan na pangangalaga. Tingnan ang* kp.org/mfa/wa *para sa impormasyon sa AGB.*

**Sinusuri ba ng Kaiser Permanente ang mga pasyente para sa pagiging karapat-dapat sa pampubliko at pribadong programa?**
Nagbibigay ng tulong ang Kaiser Permanente sa mga pasyente upang matukoy ang posibleng mga pampubliko at pribadong programa para sa coverage sa kalusugan na maaaring makatulong sa mga pangangailangan sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan. Ang isang pasyente na ipinapalagay na karapat-dapat para sa alinmang pampubliko o pribadong programa para sa coverage sa kalusugan ay kinakailangang mag-apply para sa mga programang iyon.

**Ano ang saklaw ng programa?**
Sakla ng programang Medikal na Tulong Pinansyal ang medikal na kailangan na pangangalaga na ibinibigay sa opisinang pang-medikal, ospital, parmasya ng Kaiser Permanente o ibinibigay ng provider ng Kaiser Permanente. Kabilang sa mga uri ng mga serbisyong hindi saklaw ang mga serbisyo na hindi itinuturing na emerhensiya o medikal na kailangan ng provider ng Kaiser Permanente, mga paggamot sa pagkabaog at mga serbisyo para sa surrogacy pati rin ang mga premium ng pangangalagang pangkalusugan. Mangyaring tingnan ang isang mas kumpletong listahan sa patakaran ng MFA.

**Mayroon bang tulong sa wika?**
Mayroong mga interpreter para sa iyo na walang bayad. Kung kailangan mong makipag-usap sa isang tao sa tulong ng isang interpreter, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyong Pangmiyembro sa 1-888-901-4636 (TTY: **711**) o bisitahin ang aming website sa kp.org/mfa/wa.

**Mayroon bang patakaran sa Tulong Pinansyal ang Kaiser Permanente?**
Maaari kang humiling ng libreng kopya ng patakaran ng Medikal na Tulong Pinansyal ng Kaiser Permanente sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-901-4636 (TTY: **711**), pag-email medfinassist@kp.org, o pagbisita sa aming website sa kp.org/mfa/wa.

**Kailangan ng Tulong?**
Para sa tulong o mga tanong tungkol sa proseso ng application para sa medikal na tulong pinansyal, mangyaring tumawag sa 1-800-442-4014 (TTY: **711**), o makipag-usap sa kawani sa alinmang opisinang pangnegosyo o check-in desk ng pasilidad ng Kaiser Permanente.

**Paano ako Mag-a-apply?**
Maaari kang mag-apply para sa medikal na tulong pinansyal sa online o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Mga Serbisyong Pangmiyembro.

Ang impormasyon ng MFA ay available mula sa anuman sa mga sumusunod na mapagkukunan:

- Online sa kp.org/mfa/wa
- Kawani sa alinmang opisinang pangnegosyo o check-in desk ng pasilidad ng Kaiser Permanente
- Tumawag sa 1-800-442-4014 (TTY: **711**)
- Sa pamamagitan ng koreo (nang walang bayad) sa medfinassist@kp.org
- Mag-download ng application sa pamamagitan ng website ng Kaiser Permanente Community sa kp.org/mfa/wa.

Mangyaring ibalik ang mga nakumpletong application (kabilang ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon at impormasyon na tinukoy sa mga instruksiyon ng application):

- personal sa pinakamalapit na opisinang pangnegosyo o check-in desk ng pasilidad ng Kaiser Permanente
- sa koreo sa: Kaiser Permanente, MFA Program, P.O. Box 34584, Seattle, WA 98124-1584
- sa pamamagitan ng fax sa 1-206-877-0640

Susuriin ng Kaiser Permanente ang mga naisumiteng application kapag kumpleto na ang mga ito at tutukuyin kung karapat-dapat ka alinsunod sa Patakaran ng Medikal na Tulong Pinansyal ng Kaiser Permanente. Ang hindi kumpletong mga application ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa pagproseso o pagtanggi ng iyong application sa MFA, pero aabisuhan ng Kaiser Permanente ang mga aplikante at bibigyan ng pagkakataon na ipadala ang kulang na dokumentasyon o impormasyon, ayon sa hinihiling na deadline.

©2022 Kaiser Foundation Hospital;
Kaiser Foundation Health Plan of Washington